

AB 195

Seksyon 3.

1. Ang isang mag-aaral na English learner (nag-aaral ng Ingles) ay may karapatang:

- (a) Tumanggap ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon, anuman ang katayuan sa imigrasyon o pangunahing wika ng mag-aaral o magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral;
- (b) Pantay na access sa lahat ng programa at serbisyong iniaalok ng paaralan o distrito ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral sa mga mag-aaral sa parehong baitang na hindi nag-aaral ng Ingles;
- (c) Tumanggap ng tagubilin sa baitang na pareho sa ibang mga mag-aaral na kaedad ng mag-aaral na nag-aaral ng Ingles, maliban kung tinukoy ng paaralan o distrito ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral na naaangkop para sa mag-aaral na nag-aaral ng Ingles na mailagay siya sa ibang baitang;
- (d) Pantay na access upang lumahok sa mga extracurricular na aktibidad (mga gawain sa paaralan na dagdag sa karaniwang kurikulum);
- (e) Tumanggap ng mga naaangkop na serbisyo para sa akademikong suporta na ibinibigay ng paaralan o distrito ng paaralan sa mga mag-aaral na hindi nag-aaral ng Ingles na naka-enroll sa paaralan o sa distrito ng paaralan;
- (f) Masuri kada taon para matukoy ang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles at para makakuha ng impormasyon tungkol sa academic performance (mga marka sa paaralan) ng mag-aaral, kabilang nang walang limitasyon ang mga resulta ng pagsusulit na ibinigay alinsunod sa NRS 390.105; at
- (g) Patuloy na mailagay sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles hangga't nauuri ang mag-aaral bilang isang nag-aaral ng Ingles, maliban kung tumanggi ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral na ilalagay ang mag-aaral sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles.

2. Ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng isang mag-aaral na nag-aaral ng Ingles ay may karapatang:

- (a) Ipadala ang kanyang anak (o batang inaalagaan) sa isang pampublikong paaralan nang hindi ipinapaalam ang katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral o ng magulang o ligal na tagapag-alaga;
- (b) Sa abot ng makakaya, magsama ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng kwalipikadong tagasalin sa pangunahing wika ng magulang o ligal na tagapag-alaga tuwing may mahahalagang pakikipag-ugnayan sa distrito ng paaralan;
- (c) Sa abot ng makakaya, tumanggap ng nakasulat na paunawa sa parehong Ingles at pangunahing wika ng magulang o ligal na tagapag-alaga na nagsasabing tinukoy ang mag-aaral bilang isang nag-aaral ng Ingles at ilalagay siya sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles;

*(d) Tumanggap ng impormasyon tungkol sa pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles at, kung naka-enroll ang mag-aaral sa isang programa sa edukasyong bilingual (dalawang wika ang ginagamit), ang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng mga wika ng programang iyon;*

*(e) Kung hihilingin ng magulang o ligal na tagapag-alaga, makipagpulong sa mga tauhan ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral kahit isang beses kada taon, bukod sa anumang iba pang mga kinakailangang pagpupulong, para talakayin ang pangkalahatang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles;*

*(f) Ilipat ang mag-aaral sa iba pang paaralan sa loob ng distrito ng paaralan kung hindi nag-aalok ang paaralan kung saan kasalukuyang naka-enroll ang mag-aaral ng programa para sa mga nag-aaral ng Ingles o inilagay siya sa isang corrective action plan (plano sa pagwawasto ng pagkilos), alinsunod sa NRS 388.408;*

*(g) Tumanggap ng impormasyong nauugnay sa anumang mga pagsusuri ng mag-aaral, alinsunod sa talata (f) ng subseksyon 1; at*

*(h) Makipag-ugnayan sa Departamento o sa distrito ng paaralan, ayon sa naaangkop, kung nilabag ng paaralan o distrito ng paaralan ang mga probisyon ng seksyong ito.*

3. Sa kabila ng mga probisyon ng talata (b) at (c) ng subseksyon 2, magbibigay ang board of trustees ng bawat distrito ng paaralan ng impormasyon sa magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral na nag-aaral ng Ingles sa wika at format na mauunawaan ng magulang o ligal na tagapag-alaga.

4. Sa abot ng makakaya, ipapaalam ng board of trustees ng bawat distrito ng paaralan, nang nakasulat at sa parehong Ingles at pangunahing wika ng magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral na nag-aaral ng Ingles, sa magulang o ligal na tagapag-alaga ang mga karapatang inilalarawan sa seksyong ito sa oras ng pagpaparehistro ng mag-aaral sa isang paaralan sa loob ng distrito ng paaralan o sa oras na matukoy ang mag-aaral bilang isang nag-aaral ng Ingles. Magbibigay ang distrito ng paaralan ng kopya ng mga karapatang inilalarawan sa seksyong ito sa taunang pagpaparehistro ng mag-aaral sa isang paaralan sa loob ng distrito ng paaralan sa magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral na nag-aaral ng Ingles.

5. Magbibigay ang Departamento ng mga isinaling kopya ng mga karapatang inilalarawan sa seksyong ito sa limang pinakakaraniwang wika maliban sa Ingles na pangunahing ginagamit sa mga sambahayan sa loob ng bawat distrito ng paaralan, na maaaring kabilang nang walang limitasyon ang Espanyol at Tagalog. Magpapaskil ang board of trustees ng bawat distrito ng paaralan at bawat paaralang nag-e-enroll ng mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles ng kopya ng mga karapatang inilalarawan sa seksyong ito sa kani-kanilang mga website sa Internet sa maraming wika, hangga't posible, na maaaring kabilang, nang walang limitasyon at ayon sa naaangkop para sa distrito ng paaralan, ang mga wikang isinalin ng Departamento, alinsunod sa subseksyong ito.